



HeartKids

Pagtahak sa bagong diyagnosis

Impormasyon para sa mga magulang o tagapag-alaga na nakatanggap kamakailan ng bagong diyagnosis para sa kanilang anak.

Ang malaman sa unang pagkakataon na ang iyong anak ay may karamdaman sa puso ay maaaring magdulot ng iba't ibang damdamin.

Maaari kang malula. Mahalagang tandaan na hindi ka nag-iisa. Ang Sakit sa Puso mula Pagkabata ay karaniwan, at ang kalubhaan ng bawat kaso ay iba-iba. Sa ngayon, may mahuhusay na opsyon sa paggamot na magagamit para sa karamihan ng mga anyo ng sakit sa puso mula Pagkabata.

Paano nadidiagnos ang sakit sa puso mula pagkabata?

Maraming mga kaso ng congenital na sakit sa puso ang nadiagnos bago ipanganak ang isang sanggol, habang nagpapa-ultrasound ang buntis na ina ng sanggol. Ang ibang mga kaso ay unang natukoy sa kapanganakan. Ang ilang mga kaso ng congenital na sakit ay nadiagnos lamang sa dakong huli ng pagkabata o sa mas bihirang mga kaso, sa pagsapit ng hustong gulang.

Ang mga kaso ng acquired na sakit sa puso ay maaaring makuha sa pagkabata dahil sa isang sakit o impeksyon.

Ano ang pananaw?

Walang lunas para sa sakit sa puso mula Pagkabata, ngunit laginghumuhusay ang mga opsyon sa paggamot. Karamihan sa mga batang may mga problema sa puso ay magkakaroon ng mahaba at normal na buhay.

Ang ilang mga sanggol at mga bata na may sakit sa puso mula Pagkabata ay hindi kailangang gamutin. Ang ilang mga kaso ay mas masalimuot at maaaring mangailangan ng regular na gamot o maraming operasyon. Aalamin ng iyong medikal na pangkat ang pananaw at pinakamahusay na kurso ng paggamot. Ang kanilang mga pasya ay palaging ibinabatay sa indibidwal.

95%
ng mga batang ipinanganak na may congenital na depekto sa puso ay mabubuhay hanggang mag-hustong edad.^{1, 2}



Ngayon ay mas marami nang mga nasa hustong gulang kaysa sa mga bata ang nabubuhay na may sakit sa puso mula Pagkabata sa Australya. Ito ay dahil sa mabilis na pagsulong ng medisina sa nakalipas na 60 taon.

Mga karaniwang nararamdaman

Ang bagong diyagnosis ay maaaring magdulot ng matinding epekto sa iyong buhay at sa buhay ng iyong pamilya. Ang malaman na ang iyong anak ay may karamdaman sa puso ay maaaring lubhang nakakapanlumo.

Natural lang na makaranas ng mga damdamin tulad ng pagkabigla, pagtangga, galit, lungkot at pagiging hiwalay. Ang ilang mga tao ay makakaranas ng mga damdaming ito nang mas matindi, at ang ilang mga tao ay maaaring mas matagal makaangkop kaysa sa iba.

Ang paglalakbay ng bawat pamilya sa sakit sa puso mula Pagkabata ay magkakaiba. Matutulungan ka ng HeartKids na tahakin ang iyong paglalakbay sa sarili mong bilis.

Bakit nangyari ito sa amin?

Ito ay isang karaniwang tanong. Kapag sinabihan ka na ang iyong anak ay may depekto sa puso, madaling makaramdam ng pagkagulat at pagiging nag-iisa. Mahalagang tandaan na hindi ka nag-iisa.

Ang mga congenital na depekto sa puso ay kabilang sa mga pinaka-karaniwang uri ng depekto sa kapanganakan, na nakakaapekto sa 1 sa 100 na sanggol. Sa Australya, nangangahulugan ito na humigit-kumulang sa 8 sanggol ang ipinapanganak bawat araw na may ilang uri ng congenital na depekto sa puso.³



Minsan ang mga magulang ay maaaring makaramdam na sila ang may kasalanan o isipin na sila ang dapat sisihin sa karamdaman sa puso ng kanilang anak. Bagama't normal na gustong malaman kung bakit ito nangyari, sa karamihan ng mga kaso ng congenital na sakit sa puso, ang dahilan ay hindi pa nalalaman.

SA 8 SA 10 MGA KASO NG CONGENITAL NA SAKIT SA PUSO



WALANG NALALAMANG DAHILAN⁵

Paghahanda para sa iyong unang pakikipagtipan sa cardiology

Mga mungkahi:

- **Magsama ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan.** Maaari silang mag-alok sa iyo ng suporta sa iyong appointment.
- **Makiugnay sa pangkat ng social work (gawaing panlipunan).** Tanungin ang ospital kung paano makiugnay sa kanilang pangkat ng mga social worker para sa karagdagang suporta.
- **Maglaan ng panahon upang pag-isipan kung ano ang gusto mong itanong.** Isulat ang iyong mga tanong upang hindi mo ito malimutan sa araw ng pakikipagtipan.
- **Magsulat ng mga tala.** Isulat ang mahahalagang impormasyon upang matandaan mo ang napag-usapan. Dapat mo ring isulat ang mga pangalan at mga detalye ng pakikipag-ugnayan sa mga propesyonal sa kalusugan na iyong nakausap.
- **Humingi ng impormasyon na madadala mo pauwi.** Maaaring may mga dayagram o papel-kaalaman na maaari mong iuwi para sa karagdagang impormasyon.

Mga ideya kung ano ang maaaring itanong:

- Ano ang pangalan ng sakit sa puso ng aking anak? Paano nakakaapekto ang karamdaman sa normal na pagtrabaho ng kaniyang puso?
- Kailangan ko bang gumawa ng anumang karagdagang pag-iingat habang buntis?
- Ano ang mangyayari kapag ipinanganak ang aking sanggol?
- Anong paggamot ang kailangan ng aking anak? Kailangan bang operahan ang aking anak?
- Ano ang pangmatagalang pananaw o prognosis?

Saan makakahanap ng higit pang impormasyon at suporta

HeartKids

 heartkids.org.au

Matutunan ang higit pa tungkol sa sakit sa puso mula kabataan at ang suportang maiaalok sa iyo ng HeartKids.

 1800 432 785 0427 895 785

Tawagan ang HeartKids Helpline para sa suporta, payo at gabay.

 @HeartKidsAustralia

 @HeartKids

Mga sanggunian

¹ LE GLOAN, L., MERCIER, L., DORE, A., MARCOTTE, F., IBRAHIM, R., MONGEON, F., ASGAR, A., MIRO, J., POIRIER, N. & KHAIRY, P. (2011). "Recent advances in adult congenital heart disease." *Circulation*. 75: 2287- 2295.

² KHAIRY, P., IONESCU-ITTU, R., MACKIE, A. S., ABRAHAMOWICZ, M., PILOTE, L. & MARELLI, A. (2010). "Changing mortality in congenital heart disease." *Journal of the American College of Cardiology*. 56: 1149- 1157.

³ VAN DER LINDE, D., KONINGS, E., SLAGER, M., WITSENBURG, M., HELBING, W., TAKKENBERG, and J. J. & ROOS-HESELINK (2011). "Birth prevalence of congenital heart disease world-wide: a systematic review and meta-analysis." *Journal of the American College of Cardiology*. 58: 2241-2247.

⁴ CELERMAJER, D., STRANGE, G., CORDINA, R., SELBIE, L., SHOLLER, G., WINLAW, D., ALPHONSO, N., JUSTO, R., NICHOLAE, M., KASPARIAN, N., WEINTRAUB, R. G., CHEUNG, M., GRIGG, L. E., BRIZARD, C. P., WHEATON, G., DISNEY, P., STEWART, S., BULLOCK, A., RAMSAY, J., GENTLES, T. & D'UDEKEM, Y. (2016). "Congenital Heart Disease Requires a Lifetime Continuum of Care: A call for a Regional Registry." *Heart, Lung and Circulation*. 25(8): 750-754.

⁵ BLUE, G. M., KIRK, E. P., SHOLLER, G. P., HARVEY, R. P. & WINLAW, D. S. (2012). "Winlaw DS. Congenital heart disease: current knowledge about causes and inheritance." *The Medical Journal of Australia* 197: 155-159.

Ang papel-kaalamang ito ay sinuri at naisapanahon ng HeartKids noong Marso 2021. Inendorso ito ng aming Clinical Advisory Committee sa panahon ng paglathala. Maaaring magbago ang pangklinikang impormasyon pagkatapos ng petsang ito. Ang impormasyon sa papel-kaalamang ito ay pangkalahatan. Hindi ito panghalili sa medikal na payo mula sa iyong doktor. Palaging makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa mga bagay na nakakaapekto sa iyong kalusugan.

Photo by Aditya Romansa on Unsplash